47212
1.3.2020

Republic of the Philippines
Department of Education
Region V
Schools Division of Sorsogon

Enero 2, 2020

PANSANGAY NA MEMORANDUM
Blg. 04, _, s. 2020

PULONG NG MGA OPISYAL NG PANSANGAY NA SAMAHAN NG MGA GURO SA FILIPINO (PASAGUFIL)

Sa mga: Kawaksing Tagapamanihala ng mga Paaralan
Punong Tagamasid Pang-edukasyon (SGOD at CID)
Tagamasid Pansangay at Pampurok
Kinauukulang mga Punongguro/Pinuno ng mga Paaralan sa Elementarya at Sekondarya
Pangulo, Pangklaster na Samahan ng mga Guro sa Filipino
Tagapang-ugnay Pampurok

1. Ang DepEd Sangay ng Sorsogon ay magsasagawa ng pulong ng mga opisyal sa Pansangay na Samahan ng mga Guro sa Filipino (PASAGUFIL) na gaganapin sa Enero 15, 2020 (Miyerkules), ganap na ika-9:00 ng umaga, sa SDO-Conference Hall.

2. Layunin ng gawaing ito na: (a) matalakay ang kinalabasan ng mga gawain sa Filipino sa taong 2019; at, (b) mailahad ang plano ng PASAGUFIL para sa Taong 2020.

3. Inaasahang magdadala ng sumusunod na pangangailangan ang mga kalahok sa pagpupulong na ito: (a) instrumentong pansarbey; (b) hindi pa naisusumiteng Propayl ng Guro noong 2018; (c) hindi pa naisusumiteng Talaan ng Opisyal ng PASAGUFIL sa antas PangKlaster (2018); (d) Ulat-Pagganap sa Filipino (Accomplishment Report); at (e) Action Plan para sa taong 2020.

4. Ang pagpupulong ay dadaluhan ng mga opisyal ng Pansangay na Samahan ng mga Guro sa Filipino na binubuo ng Pangulo ng organisasyon ng mga guro sa bawat klaster sa sekondarya; at mga pandistritong tagapag-ugnay/koordineytor sa elementarya. Sakaling hindi makadadalo ang Pangulo, maaaring magpadala ng kinatawan buhat sa samahan.

Capitol Compound, Brgy. Burabod, Sorsogon City, Sorsogon 4700
(056) 421-5415
sorsogon@deped.gov.ph
depedsorsogon.com.ph

5. Inaanyayahan ang pagdalo sa pulong na ito nina Gng. Imelda G. Narvadez ng Gallanosa National High School at Gng. Maria Ana B. Gojar ng Bulan National High School.

6. Ang gugulin ng mga kalahok kaugnay ng gawain gaya ng pamasahe, pagkain at iba pa ay manggagaling sa pondong lokal/MOOE na sasailalim sa kinagawiang pagsusuma at pagsusuri.

7. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapabatid ng memorandum na ito.

JOSE L. DONCILLO, CESO V
Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:
SAMAHAN *FILIPINO* *GURO*

scavito/012020